# Living in Koriyama

# A Guidebook for Foreign Residents


1. PAGTIRA SA SIYUDAD NG KORIYAMA 1
2. TUNGKOL SA HEALTH INSURANCE 4
3. TUNGKOL SA PENSIYON 6
4. TUNGKOL SA BUWIS 8
5. SERTIPIKO NG PAGBAYAD NG BUWIS / SERTIPIKO NG BUWIS SA KITA 11
6. SA ORAS NG EMERHENSIYA 12
7. KALAPIT NA MGA OSPITAL 15
8. PAGKAHAWA SA COVID-19 16
9. MAGHANDA PARA SA KALAMIDAD 17
10. PARAAN NG PAGTAPON NG BASURA 20
11. PAMUMUHAY SA KOMUNIDAD 21
12. KAPAG NABUNTIS 24
13. KAPAG IPINANGANAK ANG BATA 26
14. EDUKASYON 31
15. PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON 37
16. LISENSIYA SA PAGMAMANEHO NG SASAKYAN 39
17. MGA TUNTUNIN SA TRAPIKO 40
18. PAG-AARAL NG WIKANG HAPON 42
19. PAGKONSULTA 44
20. TUNGKOL SA SIYUDAD NG KORIYAMA 47

# 1. PAGTIRA SA SIYUDAD NG KORIYAMA



## PAMAMARAAN SA PAGLIPAT (KAPAG LUMIPAT MULA SA LABAS NG SIYUDAD NG KORIYAMA)

Kapag lumagi sa Japan nang higit sa tatlong buwan, kailangang magparehistro bilang residente.

Pakisumite ang “Abiso sa paglipat” sa siyudad (Moving-in Notice) sa loob ng 14 araw ng pagsimula ng paninirahan sa siyudad ng Koriyama.

Sumangguni sa tanggapan ng Immigration Services Agency para sa impormasyon ukol sa Residence Card at Status of Residence

### POOK PARA SA PAGGAWA NG MGA PAMAMARAAN

Citizens’ Division, Koriyama City Hall

Administrative Center, sa loob ng siyudad ng Koriyama

Koriyama Citizens’ Service Center

Midorigaoka Citizens’ Service Center

### MGA BAGAY NA KAILANGANG DALHIN

1. Residence Card (o pasaporte, kung hindi pa ito natatanggap)
2. Abiso sa paglipat mula sa ibang munisipalidad (Moving-out Notice), kapag lilipat galing sa ibang munisipalidad
3. Kapag kasama rin ang pagmilya sa pagtira, dalhin ang orihinal na mga dokumentong nagpapatunay sa kaugnayan sa pamilya (kasal, kapanganakan) pati pagsasalin nito sa wikang Hapon

## KAPAG KASALUKUYANG NAKATIRA SA SIYUDAD NG KORIYAMA, PERO NAIS LUMIPAT

Kapag lilipat, kailangang isumite ang “Abiso sa pagbabago ng tirahan” (Change of address notice).

| Pook na lilipatan | Sa paggawa ng mga pamamaraan | Kinakailangang bagay |
|---|---|---|
| Lilipat sa loob ng siyudad ng Koriyama | Sa loob ng 14 araw matapos umpisahan ang pagtira sa bagong address o tirahan | Residence Card |
| Lilipat sa labas ng siyudad ng Koriyama (sa loob ng bansa / sa labas ng bansa) | Isang buwan bago lumipat | Residence Card |

## ABISO SA KOREO

Sa pagsumite ng "Abiso sa pagbabago ng tirahan" sa tanggapan ng koreo sa panahon ng paglipat, ang mga liham o mail items sa dating address ay ipapadala sa bagong tirahan sa loob ng isang taon.

Sumangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng koreo para sa karagdagang detalye.

Para sa mga katanungan:

Citizens' Division, Citizens' Department

1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture　Posta Code 963-8601

Numero ng telepono：024-924-2131

## MY NUMBER CARD

Ang My Number Card ay ang numerong itinakda at ipinagkakaloob sa lahat ng taong nakarehistro sa Residence Registry sa Japan.

Ito ay isang mahalagang personal na impormasyon na ginagamit para sa buwis, social security (pension, employment insurance, medical insurance) at iba pa.

Kapag nagparehistro bilang residente ng Japan sa unang pagkakataon, matatanggap ang abiso para sa My Number sa loob ng dalawa hanggang tatlong linggo.

Sa oras na matanggap ang abiso para sa My Number, maaaring gawin ang aplikasyon sa pagkuha ng My Number Card sa tanggapan ng munisipyo o sa pamamagitan ng Internet.

Kung hawak na ang sariling My Number Card, pakikumpleto ang mga pamamaraan sa pagbabago ng address o tirahan sa My Number Card sa loob ng 90 araw mula sa paggawa ng abiso ng paglipat sa siyudad (Moving-in Notice).

## POOK PARA SA PAGGAWA NG MGA PAMAMARAAN

Koriyama City Hall My Number Card Center

Koriyama City Big-i Myna Station

Administrative Center sa loob ng siyudad ng Koriyama / Liaison Office

Citizens' Service Center

[Tungkol sa My Number Card] (website ng Immigration Services Agency)

- Ingles / English
- Intsik (pinasimpleng characters) / Chinese (simplified characters)
- Intsik (tradisyonal) / Chinese (traditional)
- Koreano / Korean
- Espanyol / Spanish
- Portugese / Portuguese
- Iba pang mga wika

Para sa mga katanungan:

My Number Utilization Division, Citizens' Department

1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture　Posta Code 963-8601

Numero ng telepono: 024-955-6221 (Call Center)

# 2. TUNGKOL SA HEALTH INSURANCE

## TUNGKOL SA MEDICAL INSURANCE

Ang sinumang may status of residence na may tagal na higit sa tatlong buwan, ay kailangang sumali sa pampublikong medical insurance.

Makakatanggap ng "Health Insurance Card" sa pagsali sa health insurance.

Sa pagpapakita ng sariling "Health Insurance Card", ang halagang babayaran sa pagamutan ay 10% hanggang 30% ng gastos sa pagpapagamot.

## MGA URI NG PAMPUBLIKONG MEDICAL INSURANCE

Ang Social Insurance, National Health Insurance, at Medical Care System for the Elderly ay nasa ilalim ng pampublikong health insurance.

## SOCIAL INSURANCE

Ang sinumang magtatrabaho sa kompanya o opisina ay sasali sa segurong ito.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kawani ng pinapasukang kompanya o opisina.

## NATIONAL HEALTH INSURANCE

Ang sinumang hindi kasali o miyembro ng social insurance ay sasali sa National Health Insurance.

Pakikumpleto ang mga pamamaraan sa tanggapan ng National Health Insurance Division sa Koriyama City Hall.

Makakatanggap ng "payment slip" para bayaran ang "National Health Insurance Tax" pagkatapos makumpleto ang mga pamamaraan.

Pakibayaran ito bago sumapit ang itinakdang deadline ng pagbayad.

## MGA BAGAY NA KAILANGAN SA PAGGAWA NG MGA PAMAMARAAN SA PAGSALI SA NATIONAL HEALTH INSURANCE

1. Residence Card

2. Certificate of Loss of Eligibility (kapag lilipat sa National Health Insurance mula sa Social Insurance)

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama.

## MEDICAL CARE SYSTEM FOR THE ELDERLY

Ang sinumang nasa 75 taong-gulang o higit pa ay sasali sa Medical Care System for the Elderly.

Walang mga pamamaraan para sa pagsali.

Makakatanggap ng "payment slip" para bayaran ang "Medical Care for the Elderly Insurance Premiums".

Pakibayaran ito bago sumapit ang itinakdang deadline ng pagbayad.

## HIGH COST MEDICAL EXPENSE SYSTEM

Kapag ang gastos sa pagpapagamot sa isang buwan ay masyadong mataas, maaaring gawin ang aplikasyon para sa tanggapin ang partial refund sa ibang panahon.

Maaari din na gawin nang antimano ang aplikasyon para sa Limit Application Certificate.

Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama.

Para sa mga katanungan:

National Health Insurance Division, Citizens' Department

Postal Code: 963-8601　　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2141 (tungkol sa National Health Insurance)

024-924-2146 (tungkol sa Medical Care System for the Elderly)

# 3. TUNGKOL SA PENSIYON



## TUNGKOL SA PENSIYON SA JAPAN

Ang mga dayuhang nakatira sa Japan mula sa 20 taong-gulang at wala pang 60 taong-gulang ay kailangang sumali sa pampublikong sistema ng pensiyon at magbayad ng insurance premiums.

Bukod pa rito, pagsapit ng 65 taong-gulang, may posibilidad din na makatanggap ng benepisyo kapag naging imbalido, o di kaya'y naging biyudo o biyuda.

### MGA URI NG PAMPUBLIKONG PENSIYON

Ang Employees' Pension at National Pension ay nasa ilalim ng pampublikong pensiyon.

### EMPLOYEES' PENSION

Ang sinumang magtatrabaho sa isang kompanya ay sasali sa Employees' Pension ng kompanya.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa kawani ng kompanya na pinapasukan.

### NATIONAL PENSION

Ang sinumang hindi miyembro ng Employees' Pension ay sasali sa National Pension.

Pakikumpleto ang mga pamamaraan sa tanggapan ng National Health Insurance Division sa Koriyama City Hall.

### MGA BAGAY NA KAILANGAN SA PAGGAWA NG MGA PAMAMARAAN SA PAGSALI SA NATIONAL PENSION

1. Residence Card at pasaporte
2. Certificate of Loss of Social Insurance Eligibility o Separation Notice (kapag lilipat sa National Pension mula sa Employees' Pension)

### NATIONAL HEALTH INSURANCE PREMIUMS

Piskal na taon 2023　Buwanang bayad: 16,520 yen

Piskal na taon 2024　Buwanang bayad: 16,980 yen

*Kapag nahihirapan sa pagbayad ng insurance premiums, may sistema ng iksemsiyon at pagpapaliban ng pagbayad. Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama.

## LUMPSUM WITHDRAWAL PAYMENT SYSTEM

Ang mga nagbayad ng National Pension premiums ng 6 buwan o higit pa, ay maaaring humiling ng lump-sum withdrawal payment pagkatapos umalis sa Japan. (Sa loob ng 2 taon pagkatapos umalis sa Japan)

Kung ipapagawa ang mga pamamaraan sa isang taong nasa Japan, kailangang gumawa ng Power of Attorney.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang website ng Japan Pension Service.


Para as mga katanungan:

National Health Insurance Division, Citizens’ Department

Postal Code: 963-8601　　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2141

# 4. TUNGKOL SA BUWIS



## MGA URI NG BUWIS

Ang mga nakatira sa Japan ay nagbabayad ng iba't-ibang buwis.

Kabilang sa mga uri ng buwis ang residence tax, income tax at automobile tax.

Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang website ng Ministary of Finance.

## TUNGKOL SA RESIDENCE TAX

Ito ang buwis na binabayaran ng mga may tirahan sa Japan sa Enero 1, na nagkaroon ng kita o income sa nakaraang taon.

Matatanggap ang payment slip mula sa tanggapan ng City Hall. Pakibayaran ito bago sumapit ang itinakdang deadline ng pagbayad.

May kaso din na kung saan binabayaran ito ng kompanya para sa empleyado sa pamamagitan ng pagbawas nito sa sahod.

Para sa mga katanungan:

Municipal Tax Division, Tax Department

Postal Code: 963-8601　　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2081

## TUNGKOL SA INCOME TAX

Ipinapataw ang buwis na ito sa lahat ng sahod na natanggap.

Kung nagtatrabaho sa kompanya, maaaring ibinabawas ito sa sahod ng empleyado.

Para sa mga katanungan:

Koriyama Tax Office

Postal Code: 963-8655 20-11, Domae-machi, Koriyama City, Fukushima Prefecture
Numero ng telepono: 024-932-2041

## TUNGKOL SA BUWIS SA SASAKYAN (BASE SA KLASIPIKASYON)

Ang sinumang nagmamay-ari ng sasakyan sa Abril 1 ay magbabayad ng buwis.

Kapag natanggap ang payment slip, bayaran ito bago sumapit ang itinakdang deadline ng pagbayad sa bangko, at iba pa.

Para sa mga katanungan:

Buwis sa sasakyan (base sa klasipikasyon) (regular na kotse, at iba pa) / Prefectural Regional Promotion Bureau, Prefectural Tax Department

Postal Code: 963-8876 1-1-1 Hayama, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-935-1261

Buwis sa maliliit na sasakyan (base sa klasipikasyon) (maliliit na sasakyan, motorsiklo, at iba pa) / Civil Tax Division, Tax Department

Postal Code: 963-8601 1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2081

## IBA PANG MGA BUWIS

May Automobile Tax o buwis sa sasakyan (base sa environmental performance) na ipinapataw kapag bumili ng sasakyan, Fixed Asset Tax para sa pagmamay-ari ng lupa o bahay, Consumption Tax kapag bibili ng mga produkto, at iba pa.

## KAPAG LILIPAT SA IBANG BANSA

Kapag uuwi sa sariling bansa bago dumating ang payment notice para sa buwis, kailangang itakda ang isang residente ng siyudad ng Koriyama upang magsilbing "tagapangasiwa sa pagbayad ng buwis".

Pakikumpleto ang mga pamamaraan sa tanggapan ng Administrative Center, Citizens' Service Center, Koriyama City Hall Property Tax Division.

Para sa mga katanungan:

Property Tax Division, Tax Department

Postal Code: 963-8601 1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2091

# 5. SERTIPIKO NG PAGBAYAD NG BUWIS / SERTIPIKO NG BUWIS SA KITA

## SERTIPIKO NG PAGBAYAD NG BUWIS / SERTIPIKO NG BUWIS SA KITA

Maaaring kailanganin ito sa panahon ng pag-renew o pagpalit ng Status of Residence o kapag hihiram ng pera.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga tanggapan, oras ng pagtanggap, at iba pa, pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama.

## MGA BAGAY NA KAILANGAN SA PAGGAWA NG APLIKASYON

Kapag gumawa ng aplikasyon ang magbabayad ng buwis, kailangang ipakita ang ID o dokumentong maaaring magpatunay sa sarili.

Maaaring gamitin bilang ID ang sariling My Number Card, lisensiya sa pagmamaneho, pasaporte, Disability Certificate, Residence Card, at iba pa.

## PAMAMARAAN SA PAG-ISYU NG SERTIPIKASYON SA PAMAMAGITAN NG KOREO O INTERNET.

Maaaring gawin ang aplikasyon para sa City Tax Certificate sa pamamagitan ng koreo o Internet.

Pakitingnan ang website para sa karagdagang impormasyon ukol sa paraan ng paggawa ng aplikasyon at mga bagay na kinakailangan.

Paraan ng paggawa ng aplikasyon sa pamamagitan ng koreo

Paraan ng paggawa ng aplikasyon sa pamamagitan ng Internet

Para sa mga katanungan:

Property Tax Division, Tax Department

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture


Numero ng telepono: 024-294-2091

# 6. SA ORAS NG EMERHENSIYA



## SAAN MAAARING TUMAWAG SA ORAS NG EMERHENSIYA

### 119 / PAGPATAY SA APOY





Tumawag sa 119 para sa kaso ng biglaang pagkakasakit, malubhang pinsala, o pagkakaroon ng sunog.

Ang 119 ay numerong ginagamit para sa emerhensiya. Hindi ito maaaring gamitin para kumunsulta o magtanong.

Hindi ito maaaring gamitin kung kayang pumunta sa pagamutan nang mag-isa.

### 110 / PULISYA






Tumawag sa 110 para sa kaso ng krimen o aksidente sa trapiko.

Ang 110 ay numerong ginagamit para sa emerhensiya. Hindi ito maaaring gamitin para kumunsulta o magtanong.

### HOLIDAY/NIGHTTIME EMERGENCY CENTER SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Maaaring magpatingin sa pagamutan kapag sumama ang pakiramdam sa gabi o tuwing holidays.

Bukas ang Holiday/Nighttime Emergency Center sa siyudad ng Koriyama bawat gabi, at sa araw tuwing Linggo at piyesta opisyal, maliban sa Enero 1.

Pakitingnan ang website para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga clinical departments, oras ng konsultasyon, at iba pa.

Holiday/Nighttime Emergency Center sa siyudad ng Koriyama (mapa)

Para sa mga katanungan:

Postal Code: 963-8031 1-1 Kamikameda, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-934-5656

## NAKATALAGANG DOKTOR / BOTIKA TUWING HOLIDAYS SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Ito ang mga ospital at botika na maaaring puntahan tuwing holidays.

Maaaring magkaroon ng biglaang pagbabago. Pakitawag muna bago magpakunsulta.

Pakitingnan dito para sa nakatalagang doktor tuwing holidays

Pakitingnan dito para s nakatalagang botika tuwing holidays

## PANG-EMERHENSIYANG KONSULTASYON SA TELEPONO SA FUKUSHIMA PREFECTURE

Ito ang pook na kung saan maaaring kumunsulta sa telepono kapag nagkaroon ng biglaang sakit o pinsala.

Maaaring gamitin ang telepono para magtanong tungkol sa kalagayan at humingi ng payo upang kumpirmahin kung kailangang tumawag ng ambulansiya o pumunta agad sa ospital, at iba pa.

Tinatanggap ang mga tawag , 24 oras araw-araw.

Numero ng telepono: #7119 (o sa 024-524-3020)

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang website ng Fukushima Prefecture.

## PANG-EMERHENSIYANG KONSULTASYON SA TELEPONO PARA SA KABATAAN SA FUKUSHIMA PREFECTURE

Ito ang pook kung maaaring tumawag para kumunsulta kapag sumama ang pakiramdam ng bata sa gabi.

Maaaring tumawag sa telepono para kumpirmhin ang kalagayan, at tumanggap ng payo.

Tinatanggap ang mga tawag araw-araw mula 7:00 ng hapon hanggang 8:00 ng umaga.

Numero ng telepono: #8000 (o sa 024-521-3790）

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang website ng Fukushima Prefecture.

# 7. KALAPIT NA MGA OSPITAL



## TUNGKOL SA SIYUDAD NG KORIYAMA AT MGA NAKAPALIGID NA OSPITAL

May mga ospital na mauri lamang magbigay ng tulong sa wikang Hapon.

Kung maaari ay isama sa pagpunta sa ospital ang isang taong nakakapagsalita ng wikang Hapon.

Maaaring hanapin ang mga pagamutan sa Fukushima Medical Information Net o sa Safety Tips, na isang app na pinangangasiwaan ng Japan Tourism Agency.

# 8. PAGKAHAWA SA COVID-19

## IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGKAHAWA SA COVID-19

Pakitingnan ang website na ito para sa impormasyon tungkol sa COVID-19.

Madaling wikang Hapon

Wikang Ingles

## COVID-19 HOTLINE PARA SA KONSULTASYON NG MGA DAYUHANG RESIDENTE

Ito ay isang hotline para sa konsultasyon ng mga dayuhang nakatira sa Fukushima Prefecture.

Bukas 24 oras araw-araw, pati Sabado, Linggo at piyesta opisyal.

May suporta para sa 20 wilka.

Maaaring tumawag gamit ang LINE app.

Website para sa COVID-19 Consultation Hotline

Numero ng telepono: 0120-992-860

## TUNGKOL SA IMPORMASYON UKOL SA PAGBAKUNA SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Pakitingnan ang website na ito para sa impormasyon ukol sa pagbakuna laban sa COVID-19.



# 9. MAGHANDA PARA SA KALAMIDAD

## MALAKING NATURAL NA KALAMIDAD NA NAGANAP SA SIYUDAD NG KORIYAMA

May mga lindol at pagbaha na naganap, tulad ng Tohoku Pacific Coast Earthquake noong Marso 2011, ang kasabay na aksidente sa TEPCO Fukushima Daiichi Nuclear Power Plant, kamakailan lang ang East Japan Typhoon (Typhoon No. 19) noong 2019, at ang 2021 / 2022 Fukushima Prefecture offshore earthquake, at iba pa.

## KAPAG NAGKAROON NG MALAKING NATURAL NA KALAMIDAD

- Maaaring matigil ang paggamit ng telepono at Internet.
- Maaaring hindi tumakbo ang mga tren at bus.
- Maaaring hindi madaanan ang mga kalsada.
- Maaaring matigil ang paggamit ng kuryente, gas at tubig.
- Maaaring hindi magawang mamalengke.
- Maaaring magsara ang mga paaralan at iba pa, at gamitin itong evacuation center.

## MAGHANDA PARA SA NATURAL NA KALAMIDAD

Upang protektahan ang buhay kapag nagkaroon ng natural na kalamidad, mahalagang gawin ang regular na paghahanda sa kalamidad.

Ang siyudad ng Koriyama ay gumawa ng mga videos at handbooks ukol sa a disaster prevention na nakasalin sa iba't-ibang wika.

## VIDEO UKOL SA DISASTER PREVENTION

Maaaring malaman kung paano hanapin ang impormasyon ukol sa kalamidad, mga evacuation centers, paano maghanda, at iba pa.

Madaling wikang Hapon

Ingles

Vietnamese

## HANDBOOK UKOL SA DISASTER PREVENTION (SA IBA'T-IBANG WIKA)

Nakasulat ang mga dapat gawin kapag nagkaroon ng natural na kalamidad. Pakibasa itong mabuti upang mailigtas ang sariling buhay.

Bersiyon para sa website (madaling wikang Hapon, Ingles, Intsik, Vietnamese, Koreano)

Ipinamamahagi ng Koriyama City International Policy Division.

Para sa mga katanungan:

Koriyama City International Policy Division

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-3711

## IMPORMASYON UKOL SA DISASTER PREVENTION SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Ipinagkakaloob ng siyudad ng Koriyama ang impormasyon ukol sa disaster prevention sa iba't-ibang paraan, tulad ng website ng siyudad, mail magazine, Facebook, X (dating Twitter) at iba pa.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama.

Para sa mga katanungan:

Koriyama City Disaster Prevention & Crisis Management Division

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture


Numero ng telepono: 024-924-2161

## SAFETY TIPS

Kapag nagkaroon ng kalamidad, maaaring makatanggap ng impormasyon gamit ang app na ito sa 14 wika.

Maaaring tanggapin ang impormasyon tulad ng maagang babala sa lindol, babala sa tsunami, newsflash sa pagsabog ng bulkan, pagpapayo ukol sa paglisan, at iba pa.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang website ng Japan Tourism Agency.



# 10. PARAAN NG PAGTAPON NG BASURA

## PARAAN NG PAGTAPON NG BASURA

Sa Japan, ang paraan ng pagtapon ng basura ay magkaiba depende sa pook na tinitirahan.

Magtanong sa mga kapitbahay, o sa tanggapan ng munisipyo tungkol sa mga araw ng pagtapon ng basura at lokasyon ng tapunan ng basura.

YouTube: Paano maghiwalay at magtapon ng mga basura sa Koriyama City

## TUNGKOL SA PAGBUBUKOD NG BASURA SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Hapon

Ingles

Intsik

Koreano

Pakitingnan ang website na ito para sa karagdagang impormasyon sa paraan ng pagtapon.

## MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN:

- Pakibukod nang wasto ang basura at itapon ito sa itinakdang araw at pook. Kapag itinapon ito sa ibang araw o lokasyon, hindi ito kukulektahin.
- Pakitapon ang basura sa pagitan ng 6:00 ng umaga at 8:00 ng umaga sa araw ng pagkulekta ng basura.

(Hanggang 7:00 ng umaga para sa Ekimae 1-chome, 2-chome, Nakamachi, Omachi 1-chome)

- Hindi maaaring iuwi ang mga basurang nakatapon.

Para sa mga katanungan:

3R Promotion Division, Environmental Department

Postal Code: 963-8601 1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2181

# 11. PAMUMUHAY SA KOMUNIDAD



## PAGRENTA NG BAHAY

May dalawang paraan sa pagrenta ng bahay sa Japan.

Ito ay ang “pampublikong pabahay” at “pribadong paupahang pabahay”.

## PAMPUBLIKONG PABAHAY

May prefectural housing na ipinagkakaloob ng Fukushima Prefecture at municipal housing na ipinagkakaloob ng siyudad ng Koriyama.

Bago tumira, may ilang kondisyon na dapat tuparin tulad ng income o kita, at iba pa.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang website ng prepektura, o siyudad.

Para sa mga katanungan ukol sa municipal housing:

Koriyama Municipal Housing Management Center

Postal Code: 963-8024　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-7100

## PRIBADONG PAUPAHANG PABAHAY

Maghanap ng bahay sa pamamagitan ng isang real estate agency.

Kapag uupa ng bahay sa Japan, may iba pang mga singil o fees bukod sa renta, tulad ng security deposit, key money, renewal fee, at iba pa.

Reperensiya: “Gabay sa paghahanap ng apartment” ng Ministry of Land, Insfrastructure, Transport and Tourism (Para sa mga dahuyang naghahanap ng kuwartong titirahan sa Japan)

## KURYENTE / GAS / TUBIG

Kapag naitakda na ang petsa ng paglipat sa bagong tahanan, kailangang gawin ang aplikasyon para umpisahang gamitin ito.

| Uri | Service counter |
|---|---|
| Tubig | Waterworks and Sewerage Bureau Customer Service Center<br>Postal Code: 963-8016　1-4 Toyotamachi, Koriyama City, Fukushima Prefecture<br>Numero ng telepono: 024-932-7641 |
| Kuryente | Sumangguni sa kompanya ng kuryente sa lokalidad.<br>Karaniwan ay sasabihin ng real estate agent ng inupahang bahay kung ano ang dapat gawin. |
| Gas | Sumangguni sa kompanya ng gas sa lokalidad.<br>Karaniwan ay sasabihin ng real estate agent ng inupahang bahay kung ano ang dapat gawin. |

## PAGBATI PAGKATAPOS LUMIPAT SA BAHAY

Sa Japan, ang mga bagong lipat sa tirahan ay karaniwang bumibisita sa kapitbahay para bumati.

Sa pagbati, magkakaroon ng impresyon sa personalidad ng mga kapitbahay, at sa gayon ay mapanatag ang kalooban ng isa’t-isa.

## COMMUNITY / NEIGHBORHOOD ASSOCIATION

Ang mga residenteng nakatira sa parehong lugar ay nakikipag-ugnayan at at nakikibahagi sa mga gawain o aktibidad, tulad ng pagpapanatili sa kaligtasan sa trapiko, pagpigil sa krimen, at iba pa.

Ang mga aktibidad ay isinasagawa ng mga residente ng komunidad mula sa pinansiyal na kontribusyon ng bawat isa.

Kung may mga katanungan, subukang magtanong sa mga kapitbahay.

Para sa mga katanungan:

NPO Activities Promotion Division, Citizens’ Department

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-3471

# 12. KAPAG NABUNTIS



## MGA PAMAMARAAN KAPAG NABUNTIS

Pagkatapos makumpirma ang pagbubuntis, isumite ang “Abiso sa pagbubuntis” sa tanggapan ng City Hall.

## MGA BAGAY NA KAILANGANG DALHIN

1. Abiso sa pagbubuntis (matatanggap sa ospital o sa tanggapang nasa ibaba.)
2. Isang bagay na kung saan maaaring alamin ang My Number

   Pakitingnan dito para sa impormasyon ukol sa My Number. (lilipat sa loob ng website)

3. Dokumento o ID na maaaring magpatunay sa sarili (pasaporte, Residence Card, My Number Card, at iba pa)

## POOK PARA SA PAGGAWA NG MGA PAMAMARAAN

Chuo Health Center (sa loob ng Koriyama Public Health Center)

Minami Health Center (sa loob ng Asaka Administrative Center)

Kita Health Center (sa loob ng Fukuyama Administrative Center)

Nishi Health Center (sa loob ng Katahira Administrative Center)

Koriyama City Hall Children & Families Division (Niconico Kodomo-kan 3F)

Sa pook na nabanggit sa itaas, makakatanggap ng “Maternal and Child Health Handbook” at “Mother and Child Health Leaflet”.

Ipagkakaloob nang libre ang Maternal and Child Health Handbook sa wikang Hapon na may pagsasalin sa wikang Ingles, Intsik, Tagalog, at Vietnamese.

## ANO ANG “MATERNAL AND CHILD HEALTH HANDBOOK”?

Ito ay isang mahalagang dokumento na nagtatala ng impormasyon ukol sa lagay ng pagbubuntis ng ina at kalusugan ng bata.

Itinatala dito ang mga bakunang natanggap ng bata.

Siguruhing dalhin ito tuwing pupunta sa ospital.

Maaaring gamitin ito kahit lumipat sa ibang siyudad. Kaya, huwag itong itatapon.

## ANO ANG “MOTHER AND CHILD HEALTH LEAFLET”

Kapag nabuntis, ang ina ay tatanggap ng regular na pagsusuri sa ospital.

Ang leaflet na ito ay kailangan sa pagtanggap ng suporta para sa mga gastos sa pagsusuri sa kalusugan sa panahon ng pagbubuntis at pagkatapos manganak pati sa pagsusuri sa pandinig ng bagong silang na sanggol.

Kapag pupunta sa ospital para sa pagsusuri sa kalusugan sa panahon ng pagbubuntis, kailangang dalhin ang “Maternal and Child Health Handbook”, “Mother and Child Health Leaflet” at ang “sariling Health Insurance Card.

Para sa mga katanungan:

Mother and Child Support Section, Children and Family Division, Children’s Department

Postal Code: 963-8025 1-2-3 Kuwano, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-3691

# 13. KAPAG IPINANGANAK ANG BATA

## MGA PAMAMARAAN NA DAPAT GAWIN PAGKATAPOS ISILANG ANG BATA

Sa oras na isilang ang bata, kailangang isumite ang “Notis ng kapanganakan” sa loob ng 14 araw, kalakip ang araw ng pagsilang ng bata.

Kapag lalagi sa Japan nang higit sa 60 araw mula sa pagsilang ng bata, kailangang pumunta sa Immigration Services Agency sa loob ng 30 araw pagkatapos isilang ang bata para gawin ang kinakailangang pamamaraan. Pakitingnan ang website ng Immigration Services Agency para sa karagdagang impormasyon.

Kailangan din na gawin ang mga pamamaraan sa tanggapan ng sariling embassy / consulate. Pakikumpirma sa tanggapan ng embassy / consulate sa Japan ang mga pamamaraan at dokumentong kinakailangan.

## NOTIS NG KAPANGANAKAN

### POOK PARA SA PAGGAWA NG MGA PAMAMARAAN

Kailangang gawin ang mga pamamaraan sa tanggapan ng munisipyo sa pook na kung saan isinilang ang bata, o di kaya’y sa tanggapan ng munisipyong sumasakop sa address o legal domicile ng ama o ina.

### MGA BAGAY NA DAPAT DALHIN

1. Notis ng kapanganakan kung saan nakasulat ang sertipikasyon ng kapanganakan (matatangap sa ospital.)
2. Maternal and Child Health Handbook
3. Dokumento na maaaring magpatunay sa pagkakakilanlan ng nagsumite ng notipikasyon, tulad ng Residence Card at iba pa ng ama o ina.

### SINO ANG GAGAWA

Ang ama o ina ang gagawa ng notipikasyon.

Para sa mga katanungan:

Citizens' Division, Citizens' Department

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2131

## NASYONALIDAD

Kapag ang isa sa magulang ng bata ay may hawak na Japanese Citizenship, depende sa nasyonalidad ng dayuhang magulang, maaaring pumili ng nasyonalidad o di kaya'y magkaroon ng dalawang nasyonalidad.

Subalit, kinakailangang pumili ng nasyonalidad pagdating ng takdang panahon.

Kapag ang mga magulang ng bata ay parehong dayuhan, hindi maaaring magkaroon ng Japanese Citizenship ang bata kahit na ipinanganak ito sa Japan.

## IBA PANG MGA PAMAMARAAN

### PAGSALI SA NATIONAL HEALTH INSURANCE, CHILDBIRTH/CHILDCARE LUMP-SUM ALLOWANCE, AT PAGBABAWAS SA NATIONAL HEALTH INSURANCE TAX

Kapag sasali sa National Health Insurance ang bata, kailangang gawin ang mga pamamaraan sa loob ng 14 araw pagkatapos isilang.

Kapag ang isang miyembro ng National Health Insurance ay nanganak, ang puno ng sambahayan ay makakatanggap ng childbirth/childcare lump-sum allowance. Kapag hindi gumamit ng direct payment system (paraan kung saan binabayaran ang hospital nang direkta mula sa siyudad ng Koriyama), kailangang gawin ang aplikasyon sa tanggapan ng munisipyo sa siyudad ng Koriyama. Bukod pa rito, ang National Health Insurance tax (per income at per capita na halaga) ay babawasan para sa panahon bago at pagkatapos manganak.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.

- Pamamaraan sa pagsali sa National Health Insurance

- Pamamaraan para sa pagbawas sa National Health Insurance tax sa panahon bago at pagkatapos manganak.
- Pamamaraan sa paggawa ng aplikasyon para sa Childbirth/Childcare Lump-sum Allowance.

Para sa mga katanungan:

National Health Insurance Division, Citizens' Department

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2141

## CHILD ALLOWANCE

Pakikumpleto ang mga pamamaraan sa loob ng 15 araw mula sa sumunod na araw ng araw ng pagsilang. Ipagkakaloob ang buwanang allowance sa halagang 5,000 hanggang 15,000 yen sa mga nagpapalaki ng batang hindi pa nakapagtapos ng Junior High School.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga katanungan:

Benefits Section, Children and Family's Future Division, Children's Department

Postal Code:963-8025

Children's General Support Center (Niconico Children's Hall)　1-2-3 Kuwano, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2411

## SISTEMA NG SUPORTA PARA SA GASTOS NG PAGPAPAGAMOT NG BATA

Ipinagkakaloob ng siyudad ng Koriyama ang suporta para sa gastos ng pagpapagamot ng mga kabataan hanggang sa edad na 18 taong-gulang. Kailangang gawin ang mga pamamaraan sa pagrehistro para tanggapin ang suporta.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga katanungan:

Benefits Section, Children and Family's Future Division, Children's Department

Children's General Support Center (Niconico Children's Hall) 1-2-3 Kuwano, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2411

## PAGBAKUNA / PAGSUSURI SA KALUSUGAN NG SANGGOL

Sa pagpapabakuna, mas nababawasan ang posibilidad na magkasakit. Napipigilan din nito ang pagkalat ng sakit sa buong lipunan.

Pagsapit ng unang buwan pagkatapos ng pagsilang, ipinapadala ng siyudad ng Koriyama sa koreo ang "Suku-suku Set" na naglalaman ng mga dokumentong kinakailangan sa pagbakuna at pagsusuri sa kalusugan ng sanggol. Siguruhing dalhin ito sa panahon ng pagbakuna at pagsusuri sa kalusugan ng sanggol.

Para sa mga katanungan / impormasyon ukol sa pagbakuna:

Health and infectious Disease Division, Public Health Center

Postal Code: 963-8024 2-15-1 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2163

Para sa mga katanungan / impormasyon ukol sa pagsusuri sa kalusugan ng sanggol:

Maternal and Child Health Section, Children and Family's Future Division, Children's Department

Postal Code: 963-8025

Children's General Support Center (Niconico Children's Hall) 1-2-3 Kuwano, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-3691

## TUNGKOL SA NURSERY SCHOOLS

Ito ang pook kung saan maaaring alagaan ang bata kapag nagtatrabaho ang mga magulang, o di kaya'y hindi kayang alagaan ang bata sanhi ng pagbubuntis.

Sa pangkalahatang salita, ang mga pasilidad sa pag-aalaga ng bata ay nahahati sa lisensiyado at hindi lisensiyadong childcare facilities.

Sampung tuntunin sa pagpili ng mabuting pasilidad sa pag-aalaga ng bata

### TUNGKOL SA LISENSIYADONG PASILIDAD SA PAG-AALAGA NG BATA SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Isinasagawa ang aplikasyon sa pagpasok sa nursery school pati sertipikasyon sa pangangailangan ng childcare para sa mga kabataang nakatira sa siyudad ng Koriyama.

Masasabi na sertipikadong kailangan ang childcare kapag ang magulang ay nagtatrabaho o di kaya'y naghahanap ng trabaho.

Ipinamamahagi ang application forms sa bawat lisensiyadong childcare facility at sa tanggapan ng Childcare Division ng Koriyama City Hall.

Makukuha din ito sa pag-download sa website.

Pakibasang mabuti ang impormasyon sa website ng siyudad ng Koriyama sa paggawa ng aplikasyon.

Listahan ng mga lisensiyadong childcare facilities sa siyudad ng Koriyama


### HINDI LISENSIYADONG CHILDCARE FACILITIES

Ang mga pasilidad sa pag-aalaga ng bata na hindi kabilang sa lisensiyadong pasilidad ay tinatawag na non-licensed childcare facilities.

Depende sa pasilidad, magkaiba ang paraan ng paggawa ng aplikasyon at childcare fees.

Pakitingnan dito ang listahan ng mga childcare facilities na nakarehistro sa siyudad ng Koriyama na hindi lisensiyado.

# 14. EDUKASYON



## TUNGKOL SA KINDERGARTEN AT NINTEI KODOMOEN

Pakitingnan ang "Kapag ipinanganak ang bata" para sa impormasyon ukol sa nursery schools.

Gabay sa pagpasok sa paaralan para sa mga batang dayuhang mag-aaral (sa website ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology)

### KINDERGARTEN

Ang kindergarten ay isang "paaralan" tulad ng elementary school at junior high school.

Maaaring pumasok ang mga batang sumapit sa ika-tatlong taong kaarawan hanggang sa bago pumasok sa elementary school.

Ang oras ng pag-aalaga sa bata ay mga 4 oras sa isang araw.

May extended childcare (azukari hoiku) bago mag-umpisa at pagkatapos ng regular na childcare hours.

Ang nilalaman ng edukasyon at mga kondisyon sa pagpasok ay magkaiba sa bawat kindergarten.

May dalawampu't walong pribadong kindergarten sa siyudad ng Koriyama.

Subukang sumali sa kindergarten tour, one-day experience, at iba pa bago ipasok ang bata sa kindergarten.

Pakitingnan ang website ng bawat kindergarten, o di kaya'y tumawag nang direkta para sa karagdagang impormasyon.

Listahan ng mga kindergarten sa siyudad ng Koriyama

Website ng Koriyama City Private Kindergarten / Certified Kodomoen Federation

### CERTIFIED KODOMOEN

Ang certified kodomoen ay nagbibigay ng edukasyon, pag-aalaga sa bata at suporta sa magulang sa pagpapalaki ng bata.

Maaaring ipasok ang bata bago mag-umpisang pumasok sa elementary school.

May apat na oras ng pag-aalaga ng bata katulad ng kindergarten, at depende sa working hours ng magulang ay may 8 oras o 11 oras na childcare service.

May limang certified kodomoen sa siyudad ng Koriyama (kindergarten classification).

Kinakailangan ang certification application bilang pamamaraan sa pagpasok.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama para sa karagdagang impormasyon.

Listahan ng mga kindergarten sa siyudad ng Koriyama

Website ng Koriyama City Private Kindergarten / Certified Kodomoen Federation

## PAGIGING LIBRE NG CHILDCARE / EDUKASYON NG BATA

Isinasagawa sa siyudad ng Koriyama ang pagiging libre ng childcare fees, pagbabawas nito, o pagbigay pinansiyal na suporta o subsidy.

Ang nilalaman ay magkabiba depende sa pasilidad, edad, at estado ng trabaho ng magulang.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga katanungan:

Nursery Division, Children's Deparment

Postal Code: 963-8601 1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-3541

# COMPULSORY EDUCATION (ELEMENTARY SCHOOL/JUNIOR HIGH SCHOOL)

## MGA PAMAMARAAN SA PAGPASOK SA ELEMENTARY SCHOOL

Ang batang nakarehistro sa siyudad ng Koriyama ay maaaring pumasok sa elementary school mula sa buwan ng Abril pagkatapos ng ika 6 taong kaarawan.

Sa buwan ng Septiyembre ng taong bago mag-enroll ang bata, magpapadala ng notipikasyon ang tanggapan ng School Education Promotion Division.

Pakibisita ang tanggapan ng School Education Promotion Division para gawin ang mga pamamaraan.

Ang paaralang papasukan ay itinatakda ng Koriyama City Board of Education base sa pook o lugar na tinitirahan.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama para sa karagdagang impormasyon ukol sa paaralang papasukan. (Listahan ng municipal schools sa siyudad ng Koriyama)

Ipapadala sa koreo ang notipikasyon sa pag-enroll sa buwan ng Oktubre.

Ang petsa para sa pagsusuri sa kalusugan ng bata ay nakasulat sa ipinadalang notipikasyon sa pag-enroll. Kaya huwag kaligtaang pumunta.

Kapag hindi natanggap ang notipikasyon sanhi ng paglipat o pagkawala nito, kailangang pumunta sa tanggapan ng School Education Promotion Division.

Ang notipikasyon sa pag-enroll ay kailangang dalhin sa gagawing seremonya sa pagpasok sa paaralan.

Para sa mga katanungan:

School Education Promotion Division, School Education Department, Board of Education

Postal Code: 963-8601 1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2431

## MGA PAMAMARAAN SA PAGPASOK SA JUNIOR HIGH SCHOOL

Pakibigay ang notipikasyon sa pag-enroll sa batang mag-aaral na nasa ika-6 baitang ng elementary school.

Ang paaralang papasukan ay itinatakda ng Koriyama City Board of Education base sa pook o lugar na tinitirahan.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama para sa karagdagang impormasyon ukol sa paaralang papasukan. (Listahan ng municipal schools sa siyudad ng Koriyama)

Ipapadala sa koreo ng papasukang junior high school ang notipikasyon ukol sa gagawing school entrance orientation, kaya huwag kaligtaang dumalo.

Kailangan ng panahon para gawin ang uniporme ng mag-aaral. Kaya, umpisahang maaga ang paghahanda.

Pakidala ang notipikasyon sa pag-enroll sa gagawing seremonya sa pagpasok sa paaralan.

Para sa mga katanungan:

School Education Promotion Division, School Education Department, Board of Education

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2431

## KAPAG LILIPAT SA ELEMENTARY SCHOOL O JUNIOR HIGH SCHOOL SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Upang makapag-aral sa isang paaralan sa siyudad ng Koriyama, kailangang gawin ang mga pamamaraan sa tanggapan ng School Education Promotion Division.

Kapag kailangan ang tulong sa wikang Hapon, maaaring isama sa paaralan ang isang taong nakakapagsalita ng wikang Hapon para tumulong. (May taunang limitasyon)

Kumunsulta sa tanggapan ng School Education Promotion Division.

Para sa mga katanungan:

School Education Promotion Division, School Education Department, Board of Education

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2431

“Casta-net” information search site para sa pagsuporta sa pag-aaral ng mga kabataan at mag-aaral na may kaugnayan sa ibang bansa.

## TUNGKOL SA PAGPASOK SA HIGH SCHOOL

### KAPAG MAG-AARAL SA HIGH SCHOOL

Halos lahat ng batang mag-aaral na nakatapos ng pag-aaral sa junior high school sa Japan ay pumapasok sa High School.

May panahon na magkakaroon ng konsultasyon sa homeroom teacher sa junior high school.

Kausaping mabuti ang bata tungkol sa kinabukasan nito, at magtanong sa ibang nasa paligid o sa guro kapag may mga bagay na hindi maintindihan.

Ang anak ng dayuhang pumasok sa Japan sa loob ng 3 taon ay maaaring kumuha ng special entrance exam sa high school.

Ang Asaka Kaisei High School ay isang prefectural high school sa siyudad ng Koriyama na nagbibigay ng special entrance exam.

Pakitingnan ang website ng Asaka Kaisei

Website ng Fukushima Prefecture Board of Education

### GABAY SA PAGPASOK SA HIGH SCHOOL

Gumagawa ang siyudad ng gabay sa pag-enroll o pagpasok sa high school na nakasalin sa anim na wika para sa mga kabataang may angkang banyaga pati mga magulang na nakatira sa Fukushima Prefecture. Pakigamit ito sa panahon ng pag-iisip tungkol sa pagpasok sa high school.

Suportadong wika: Ingles, Intsik, Koreano, Vietnamese, Tagalog, Portuguese

Pakitingnan ang website para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga katanungan:

Koriyama Japanese Class

Numero ng telepono: 090-9634-9386

Mail: koriyama.nihongo@gmail.com

Website ng Koriyama Japanese Class: http://koriyama-nihongo.org



# 15. PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON

## PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON SA LOOB NG SIYUDAD NG KORIYAMA

May mga tren, bus, at shared taxi na maaaring gamitin sa loob ng siyudad ng Koriyama.

### PARAAN NG PAGSAKAY SA TREN

1. Kumpirmahin ang singil papunta sa destinasyong nais puntahan gamit ang route map.
2. Bumili ng ticket sa automatic vending machine. Maaari din na bumili ng limited express at shinkansen ticket sa Midori no Madoguchi.
3. Ipasok ang ticket sa ticket gate, at dumaan sa ticket gate.
4. Sumakay sa tren.

Mas madali kung gagamit ng IC card.

Kalahati ng adult fare ang singil para sa mga mag-aaral ng elementary school, at libre hanggang dalawang bata na kasama ng isang adult passenger.

Website ng JR East

### PARAAN NG PAGSAKAY SA ROUTE BUS (KAPAG MAGBABAYAD NG CASH)

1. Pakihanda ang barya. Maaaring magpapalit ng perang nasa 1,000 yen. Hindi tinatanggap ang perang nasa 5,000 yen at 10,000.
2. Hanapin ang ruta ng bus na pupunta sa destinasyong nais puntahan.
3. Sumakay sa likurang pintuan ng bus.
4. Kunin ang “numbered ticket” sa ticket machine na malapit sa pintuan.
5. Pindutin ang “Stop” button sa loob ng bus kapag malapit na sa bus stop na kung saan bababa.
6. Tumayo sa upuan pagtigil ng bus.
7. Ipasok ang “numbered ticket” at “pasahe” sa “kahon ng pasahe” na nasa tabi ng upuan ng driver. Walang sukli na ibabalik.
8. Bumaba sa bus gamit ang harapang pinto.

Mas madali kung gagamit ng IC card o multiple-ride tickets (kaisuken).

Kalahati ng adult fare ang singil para sa mga mag-aaral ng elementary school, at libre hanggang dalawang bata na kasama ng isang adult passenger.

Maaaring kumpirmahin sa Fukushima Kotsu Bus Location System ang lokasyon ng bus

Website ng Fukushima Transportation Inc.

Website ng Aizu Bus

## SHARED TAXI

May mga lugar sa loob ng siyudad ng Koriyama na kung saan maaaring gamitin ang shared taxi tulad ng Hiwada district, bahagi ng Atami district, Tamura district, Nishida district, bahagi ng Asaka district, Mihota district, Aise district, Kikuta district, Katahira district, at Nakata district.

Ang adult fare ay 500 yen sa isang beses, 250 yen sa isang beses para sa mag-aaral ng high school at pababa at taong may kapansanan, at libre hanggang dalawang bata na kasama ng isang adult passenger kapag ang bata ay wala pang 6 taong-gulang.

Bagama't kahit sino ay maaaring gumanit, kailangang tumawag muna sa telepono para magpareserba.

Pakitingnan ang website ng siyudad ng Koriyama para sa karagdagang impormasyon.

Para sa mga katanungan:

General Transportation Policy Division, Urban Planning Department

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-3721



# 16. LISENSIYA SA PAGMAMANEHO NG SASAKYAN

## KAPAG MAGMAMANEHO NG KOTSE O MOTORSIKLO

Kailangang magkaroon ng lisensiya sa pagmamaneho para magmaneho ng kotse o motorsiklo sa Japan.

Kailangan na laging dala ang sariling lisensiya kapag magmamaneho ng sasakyan.

## LISENSIYA NA MAAARING GAMITIN SA PAGMAMANEHO SA JAPAN

1. Lisensiya sa pagmamaneho na tinanggap sa Japan
2. International Driver's License na isyu ng mga bansang pumirma sa Geneva Convention
3. Lisensiya sa pagmamaneho ng ibang bansa (Swiss, Germany, France, Belgium, Monaco, Taiwan) na may pagsasalin sa wikang Hapon na inihanda ng isang taong itinakda sang-ayon sa ordinansa ng pamahalaang Hapon.

Para sa karagdagang impormasyon, pakikumpirma sa website ng Metropolitan Police Department.

Fukushima Prefectural Police Headquarters

# 17. MGA TUNTUNIN SA TRAPIKO



## MGA TUNTUNIN SA TRAPIKO SA JAPAN

Sa Japan, “ang mga sasakyan ay tumatakbo sa kaliwang panig ng daan, at ang mga naglalakdad ay sa kanan dumadaan”.

Ang mga bisikleta ay itinuturing din na sasakyan at dapat nasa kaliwa. Kaya kailangang patakbuhin ito sa kaliwang bahagi ng daan.

Sundin palagi ang mga tuntunin sa trapiko, tulad ng pagsunod sa traffic lights, traffic signs, at iba pa.

Sa pagliko sa kanan sa intersection habang sakay ng bisikleta, tumawid sa crosswalk kasabay ng mga taong naglalakad.

## TUNGKOL SA PAGPAPAREHISTRO NG BISIKLETA

Kapag bibili ng bisikleta, kailangang gawin ang “bicycle security registration.

Maaaring gawin ang pagpaparehistro sa bisikleta sa mga tindahang may karatulang nakalagay na “Bicycle Security Registration Shop”.

Website ng Fukushima Prefecture Crime Prevention Association

## TUNGKOL SA CITIZEN’S TRAFFIC DISASTER COOPERATIVE SOCIETY

Kapag nakatira sa siyudad ng Koriyama, at nakarehistro bilang isang residente, maaaring sumali sa Citizen’s Traffic Disaster Cooperative Society.

Sa pagsali, makakatanggap ng consolation money sa oras ng pagkamatay, kapag naospital, o di kaya’y pagbisita sa pagamutan sanhi ng aksidente sa trapiko sa Japan.

Ang singil para sa pagiging miyembro ay 500 yen bawat tao para sa isang taon.

Maaaring gawin ang aplikasyon sa tanggapan ng Safe Community Division sa Koriyama City Hall, sa bawat Administrative Center, at bawat Citizen’s Service Center.

Depende sa neighborhood association, maaaring gawin o idaan ang aplikasyon sa neighborhood association.

Para sa mga katanungan:

Safe Community Division, Citizen’s Department

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2151




# 18. PAG-AARAL NG WIKANG HAPON

## KORIYAMA CITY INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION

Idinadaos ng Koriyama City International Exchange Association ang mga language courses para sa mga dayuhang naninirahan sa komunidad, pribadong pag-aaral sa wikang Hapon, pati kurso ukol sa kultura ng Japan.

Website ng Koriyama City International Exchange Association

Para sa mga katanungan / Tungkol sa pagtuturo ng wikang Hapon:

International Exchange Salon

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2970

Para sa mga katanungan / Tungkol sa International Exchange Association:

Koriyama City International Exchange Association Secretariat (sa loob ng Koriyama City International Policy Division)

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-921-3711

## BOLUNTARYONG KLASE SA WIKANG HAPON

Maaaring hanapin sa website sa ibaba ang boluntaryong klase sa wikang Hapon sa loob ng Fukushima Prefecture.

Website ng Fukushima Prefecture International Exchange Association

## WEBSITE SA PAG-AARAL NG WIKANG HAPON “TSUNAGARU HIROGARU NIHONGO DE NO KURASHI”

Ipinalabas nang libre ng Agency for Cultural Affairs ang website sa pag-aaral ng wikang Hapon, “Tsunagaru Hirogaru Nihongo de no Kurashi”.

May suporta para sa 18 wika.

Website sa pag-aaral ng wikang Hapon “Seikatsu-sha to shite no gaikokujin”

# 19. PAGKONSULTA 

## KORIYAMA CITY INTERNATIONAL EXCHANGE SALON

Ipinagkakaloob ang impormasyon ukol sa pag-aaral ng wikang Hapon, pati impormasyon ukol sa araw-araw na pamumuhay, at iba pa, para sa mga dayuhang nakatira sa siyudad ng Koriyama.

Para sa mga katanungan:

International Exchange Salon

Postal Code: 963-8601　2F Main Gov't Building, 1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2970

Mail: intl-salon@city.koriyama.lg.jp

## FUKUSHIMA PREFECTURE INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION

Isinasagawa ang iba't-ibang mga gawain kaugnay sa internasyonal na pakikipag-ugnayan at kooperasyon.

Tinatanggap ang konsultasyon sa iba't-ibang wika ukol sa araw-araw na pamumuhay para sa mga dayuhang residente.

Oras ng pagtanggap: magkaiba, depende sa wika. Pakikumpirma sa website para sa karagdagang impormasyon.

Wikang suportado sa konsultasyon: 13 wika

Paraan ng pagkunsulta: sa pamamagitan ng panayam, telepono, fax, email, LINE Call

Numero ng telepono: 024-524-1316

FAX: 024-521-8308

Mail: ask@worldvillage

LINE: @901wzqzt

[Website ng Fukushima Prefecture International Exchange Association]

## HOUTERASU INFORMATION SERVICE SA IBA'T-IBANG WIKA

Ipinapaliwanag nang libre ang mga sistema sa Japan at kaugnay na mga organisasyon, pati mga bagay ukol sa pagkakautang, diborsiyo, trabaho, aksidente, visa, mga bagay kaugnay sa kalamidad at iba pa.

Oras ng pagtanggap: Lunes hanggang Biyernes, 9:00 – 17:00

Wikang suportado: 10 wika

Numero ng telepono: 0570-078377

*Kailangang magpareserba muna.

*Bagama't libre ang serbisyo, may naaangkop na singil sa pagtawag.

[Website ng Japan Legal Support Center Houterasu]

## "COVID-19 CONSULTATION HOTLINE" PARA SA MGA DAYUHANG RESIDENTE

Maaaring kumunsulta tungkol sa COVID-19 ang mga dayuhang nakatira sa Fukushima Prefecture.

Oras ng pagtanggap: 24 oras na suporta pati Sabado, Linggo, at piyesta opisyal

Wikang suportado：20 wika

Paraan ng pagkunsulta：telepono, LINE Call

Numero ng telepono：0120-992-860　*Libreng tawag (Free Dial)

[Website para sa COVID-19 Consultation Hotline]

## FRESC　FOREIGN RESIDENT SUPPORT CENTER

Ipinagkakaloob ang iba't-ibang konsultasyon tungkol sa paglagi sa Japan ng mga dayuhan.

Bukod sa indibidwal na dayuhan, isinasagawa din ang konsultasyon sa ibang taong may kaugnayan sa dayuhan, pati mga kompanya.

Pakitingnan ang website para sa karagdagang impormasyon, kalakip ang nilalaman ng konsultasyon, suportadong wika at iba pa.

## ORGANIZATION FOR TECHNICAL INTERN TRAINING – KONSULTASYON SA SARILING WIKA PARA SA MGA TECHNICAL INTERN TRAINEES

Maaaring kumunsulta ang mga technical intern trainees sa sariling wika tungkol sa mga bagay ukol sa pamumuhay sa Japan, at sa technical intern training. Maaari din na kumunsulta sa telepono, mail o liham.

Oras ng pagtanggap: magkaiba, depende sa wika. Pakikumpirma sa website para sa karagdagang impormasyon.

Wikang suportado sa konsultasyon: 8 wika

Singil sa pagtawag: libre (Free Dial)

Pakitingnan ang website para sa karagdagang impormasyon, kalakip ang nilalaman ng konsultasyon, suportadong wika at iba pa.

# 20. TUNGKOL SA SIYUDAD NG KORIYAMA

## IMPORMASYON UKOL SA TURISMO SA SIYUDAD NG KORIYAMA

Ipinapakilala ang mga rekomendadong pook, kultura, at mga natatanging produkto ng siyudad ng Koriyama.

Maaaring mag-download ng mga tourism brochures.

Website ng Koriyama City Tourism Association

## KORIYAMA NEWSLETTER

Ito ang information paper ng siyudad ng Koriyama.

Naglalaman ito ng mga impormasyon ukol sa araw-araw na pamumuhay sa siyudad ng Koriyama, mga pook na kung saan maaaring tumanggap ng pagpapayo at mga pagdiriwang at iba pa na kasalukuyang ginaganap.

Ipinamamahagi ito sa bawat sambahayan ng mga grupong nakatira sa parehong distrito. Maaari din itong tanggapin sa mga supermarkets, bangko at iba pa.

### TUNGKOL SA CATALOG POCKET

Ang Catalog Pocket ay isang serbisyo na kung saan maaaring tingnan ang impormasyon gamit ang smartphone o tablet.

Maaaring tingnan ang pampublikong impormasyon sa 10 wika, pati Ingles, Koreano, Intsik at Vietnamese.

Tingnan ang Catalog Pocket: https://www.catapoke.com/search/?keyword=広報こおりやま

Para sa mga katanungan:

Public Relations Division, Policy Development Department

Postal Code: 963-8601　1-23-7 Asahi, Koriyama City, Fukushima Prefecture

Numero ng telepono: 024-924-2061

## SIYUDAD NG KORIYAMA - OPISYAL NG SNS, AT IBA PA

- Opisyal na LINE account
- Opisyal na Facebook account
- Instagram